Mensahe Lima

# Namumuhay kasama ang Dibinong Trinidad
# (2)
# Ang Diyos Gumagawa sa Atin

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 2:13; 1:19-21a; Gawa 16:7; Roma 8:9

**I. "Ang Diyos ang gumagawa sa inyo"—Fil. 2:13a:**

A. Ang Diyos ay may isang pagkilos sa lupa, at Siya ay kumikilos sa pamamagitan ng Kanyang paggawa—1 Cor. 12:6, 11; 2 Cor. 1:6; 4:12; Efe. 1:19; 3:7, 20; 4:16; Fil. 3:21; Col. 1:29; 2:12; 1 Tes. 2:13.

B. Inihahayag ng Filipos 2:12-13 na ang pangkalahatan, sumasaklaw sa lahat, nagpapaloob na kaisipan ng aklat ng Filipos ay yaong ang Diyos ay gumagawa sa atin:

1. Anuman si Kristo sa atin ay para sa paggawa ng Diyos—bb. 5-11; 3:8-10.
2. Ang ating Diyos ay buháy, kumikilos, at gumagawa sa atin nang patuloy, at dapat nating pangalagaan ang paggawa ng Diyos sa atin—2:13.
3. Kung taglay natin ang espiritwal na pagkilala, ang espiritwal na kapangyarihang makatanto, makikita natin na ang lahat ng bagay sa aklat ng Filipos ay may kaugnayan sa paggawa ng Diyos sa atin—1:19; 2:5-11; 3:10, 12, 21; 4:5-7, 19, 23.

C. Lahat ng bagay na tinatalakay sa aklat ng Filipos ay nasa ilalim ng gumagawang pagkilos ng Diyos:

1. Ipinakikita sa atin ng kapitulo 1 na kailangan nating maipamuhay at maidakila si Kristo upang Siya ay maging ating pamumuhay at kahayagan—bb. 20-21.
2. Ipinakikita ng kapitulo 2 na kailangan nating kunin si Kristo bilang ating tularan at tanganan Siya—bb. 5-11, 16.
3. Ipinakikita ng kapitulo 3 na kailangan nating habulin at tamuhin si Kristo bilang ating gol—b. 14.
4. Ipinakikita ng kapitulo 4 na si Kristo ang ating lihim—bb. 12-13.

D. Ang Diyos ay gumagawa sa atin "kapwa sa pagnanais at paggawa para sa Kanyang mabuting kaluguran"—2:13b:

1. Ang Diyos na gumagawa sa atin ay ang Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—Mat. 28:19; 2 Cor. 13:14.
2. Ang pagnanais ay sa loob; ang paggawa ay sa labas—Fil. 2:13:
   a. Ang pagnanais ay nagaganap sa ating pagpapasya, nagpapahiwatig na ang paggawa ng Diyos ay nagsisimula sa ating espiritu at lumalaganap sa ating pag-iisip, damdamin, at pagpapasya—Roma 8:4, 6.
   b. Ang salitang Griyego para sa *gumagawa*, o *kumikilos*, sa Filipos 2:13 ay parehong salita para sa *gumagawa* sa bersikulong ito.
3. Sa bersikulo 13 ang "Kanyang mabuting kaluguran"—ang mabuting kaluguran ng Kanyang kalooban—ay ang maabot natin ang rurok ng Kanyang kataas-taasang pagliligtas—Efe. 1:5; Fil. 1:19; 2:12.

E. Kailangan nating makita na ang paggawa ng Diyos sa atin ay isang mahimalang normalidad; ito ay lubusang normal gayunpaman ay lubusang mahimala—b. 13; 4:6-7:

1. Ang Diyos ay gumagawa sa loob natin nang mahimala gayunpama'y nang normal at nang tahimik—b. 7.
2. Ang paggawa ng Diyos sa atin ay hindi kamangha-mangha sa panlabas, subalit sa espiritwal na pakahulugan, ito ay isang dakilang bagay—Efe. 1:19; 3:17.

**II. Ang paggawa ng Diyos sa atin ay kalakip "ang masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo"—Fil. 1:19:**

A. *Ang Espiritu ni Hesus* ay isang partikular na katawagan hinggil sa Espiritu ng Diyos at tumutukoy sa Espiritu ng nagkatawang-taong Tagapagligtas, na bilang si Hesus sa Kanyang pagkatao ay dumaan sa pantaong pamumuhay at kamatayan sa krus—Gawa 16:7; Luc. 1:31, 35; Mat. 1:21:

1. Sa Espiritu ni Hesus ay hindi lamang naroroon ang dibinong elemento ng Diyos bagkus gayundin ang pantaong elemento ni Hesus at ang mga elemento ng Kanyang pantaong pamumuhay at gayundin ang Kanyang pagdurusa ng kamatayan—Fil. 2:5-8.
2. Ang Espiritu ni Hesus ay hindi lamang ang Espiritu ng Diyos na may pagkadibino upang maipamuhay natin ang dibinong buhay bagkus gayundin ang Espiritu ng taong si Hesus na may pagkatao sa Kanya upang maipamuhay natin ang isang wastong pantaong buhay at tiisin ang mga pagdurusa nito—b. 15.
3. Sa kanyang pagdurusa kinailangan ni Pablo ang Espiritu ni Hesus sapagkat sa Espiritu ni Hesus ay ang nagdurusang elemento at ang nagdurusang kalakasan upang matagalan ang mga pag-uusig—Col. 1:24; Gawa 9:15-16; 16:7.

B. *Ang Espiritu ni Kristo* ay tumutukoy sa Espiritu ni Kristo sa pagkabuhay na muli—Roma 8:9:

1. Sa pamamagitan ng proseso ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli, ang Espiritu ng Diyos ay naging ang Espiritu ni Kristo—b. 9.
2. Ang Espiritu ni Kristo sa katunayan ay si Kristo Mismo na nananahan sa ating espiritu upang ipamahagi ang Kanyang sarili, ang pagsasakatawan ng naprosesong Tres-unong Diyos, tungo sa atin bilang pagkabuhay na muling buhay at kapangyarihan upang tuusin ang kamatayan sa ating kalikasan—bb. 2, 9.
3. Sa pamamagitan ng Espiritu ni Kristo ay maaari tayong makibahagi sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muling buhay, maipagkaisa sa Kanya sa pangingibabaw ng Kanyang pag-akyat sa langit at sa awtoridad ng Kanyang pagluklok sa trono—Fil. 3:10; Efe. 1:20-21; 2:6; Juan 11:25; Gawa 2:22-24, 31-36.

C. *Ang Espiritu ni Hesu-Kristo* ay tumutukoy sa Espiritu ng nagdurusang Hesus at nabuhay na muling Kristo—Fil. 1:19:

1. Sapagkat ang Espiritu ni Hesus ay may partikular na pagtukoy sa pagdurusa ng Panginoon, at ang Espiritu ni Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli, ang Espiritu ni Hesu-Kristo ay may kaugnayan kapwa sa Kanyang pagdurusa at sa Kanyang pagkabuhay na muli; ang Espiritu ni Hesu-Kristo ay ang Espiritu ng Hesus na namuhay ng isang buhay ng pagdurusa sa lupa at ng Kristo na siya ngayong nasa pagkabuhay na muli—Gawa 16:7; Roma 8:9; Fil. 1:19.
2. Ang Espiritu ni Hesu-Kristo ay ang Espiritu ng Diyos na nagiging "ang Espiritu" na binanggit sa Juan 7:39—ang Espiritu ni Hesu-Kristo sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli ni Kristo, ang Espiritung iyon na may kapwa dibinong elemento at pantaong elemento, kalakip ang lahat ng esensiya at realidad ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli ni Kristo.

D. Ang *masaganang panustos* ay isang tiyak at mayamang salita na ginamit ng apostol upang ipahiwatig ang masagana, mayamang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo—Fil. 1:19:

1. Kailangan nating makita na ang masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo ay kinapapalooban ng pagkadibino, ang dibinong persona kalakip ang dibinong

buhay at kalikasan; isang napataas na pagkatao, isang pagkatao na may isang wastong buhay, pamumuhay, kalikasan, at persona; ang kahanga-hanga, nagpapaloob ng lahat na kamatayan ng Panginoon sa krus; at ang pagkabuhay na muli at pag-akyat sa langit ni Kristo—Juan 1:1, 14, 29; Gal. 2:20; Luc. 24:5-6, 50-51.

2. Sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, tayo, gaya ni Pablo, ay maaaring ipamuhay si Kristo at idakila Siya—Fil. 1:19-21a:
   a. Itong masaganang panustos ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu ni Hesu-Kristo ay upang dakilain natin si Hesu-Kristo sa pamamagitan ng pamumuhay sa Kanya; ipinamumuhay natin Siya upang Siya ay maidakila sa anumang kalagayan—bb. 20-21; 4:11-13.
   b. Sa Espiritu ni Hesu-Kristo ay naroroon ang nagpapaloob ng lahat na masaganang panustos na nagbibigay-kakayahan sa ating harapin ang anumang uri ng kapaligiran at sa gayon ay maranasan si Kristo, matamasa si Kristo, maipamuhay si Kristo, at maidakila si Kristo—1:19-21a; 4:11.

*© 2021 Living Stream Ministry*